# SUUNTO SONIC

GABAY SA USER

2024-01-17

1. Nilalayong paggamit......3

2. Kaligtasan......4

3. Pagsisimula......6
- 3.1. Mga button......6
- 3.2. Mikropono......7
- 3.3. Bluetooth connectivity......7
- 3.4. Pag-pair......8
- 3.5. Suunto app......8
- 3.6. Pagsusuot ng headphones......9

4. Mga Feature......10
- 4.1. Sound mode......10
- 4.2. Voice feedback......10
- 4.3. Koneksyon ng dalawang device......11
- 4.4. Low latency mode......12

5. Mga Setting......13
- 5.1. Impormasyon ng aparato......13
- 5.2. Mga update sa software......13
- 5.3. Pag-reset sa headphones......13

6. Pag-iingat at suporta......14
- 6.1. Mga gabay sa paggamit......14
- 6.2. Baterya at pag-charge......14
- 6.3. Pagtatapon......15

7. Reperensya......16
- 7.1. Pagsunod......16
- 7.2. CE......16

# 1. Nilalayong paggamit

Ang Suunto Sonic na headphones ay wireless na headphones na compatible sa Bluetooth® na idinisenyo at ginawa para sa panlabas na isports. Gamit ang Suunto Sonic, ligtas at komportable kang makakapakinig ng musika at makakatawag habang nag-eehersisyo.

Huwag gamitin ang produkto sa mga sitwasyong nangangailangan ng espesyal o buong atensyon. Ang produkto ay ginagamit lang para sa paglilibang.

# 2. Kaligtasan

**Mga uri ng mga pag-iingat para sa kaligtasan**

⚠ ***BABALA:*** *- ginagamit kaugnay ng isang pamamaraan o sitwasyon na puwedeng magdulot ng malubhang pinsala o kamatayan.*

⚠ ***MAG-INGAT:*** *- ginagamit kaugnay ng isang pamamaraan o sitwasyon na nakapipinsala sa produkto.*

***PAALALA:*** *- ginagamit para bigyang-diin ang mahalagang impormasyon.*

***TIP:*** *- ginagamit para sa mga ekstrang tip kung paano gagamitin ang mga feature at function ng device.*

**Mga pag-iingat para sa kaligtasan**

⚠ ***BABALA:*** *Ilayo ang USB cable sa mga medikal na kagamitan tulad ng mga pacemaker, maging mga key card, credit card at katulad na item. Ang device connector ng USB cable ay may malakas na magnet na maaaring makasagabal sa paggana ng mga medikal o iba pang elektronikong device at item na may magnetically stored na data.*

⚠ ***BABALA:*** *Maaaring magkaroon ng mga allergic na reaksyon o iritasyon sa balat kapag nalapat sa balat ang produkto, kahit na sumusunod ang aming mga produkto sa mga pamantayan ng industriya. Kapag nangyari ito, ihinto kaagad ang paggamit nito at kumonsulta sa doktor.*

⚠ ***BABALA:*** *Palaging kumonsulta sa iyong doktor bago magsimula ng programa sa pag-eehersisyo. Puwedeng magdulot ng matinding pinsala ang labis na pagpapagod.*

⚠ ***BABALA:*** *Ang mga produkto at serbisyo ng Suunto ay para lang sa paglilibang at hindi ginawa para sa anumang uri ng mga medikal na layunin.*

⚠ ***BABALA:*** *Maaaring makaapekto ang pagsusuot ng headphones sa iyong kakayahang marinig ang iyong paligid. Responsableng gamitin ang iyong headphones at unahin ang kaligtasan.*

⚠ ***BABALA:*** *Bago mag-charge, tiyaking hindi basa ang charging port ng headphones. Masisira ang headphones kapag may anumang likido sa charging port.*

⚠ ***BABALA:*** *Huwag gamitin ang produkto kapag kumukulog at kumikidlat. Maaaring hindi gumana nang normal ang device at tumaas ang panganib na makuryente kapag kumukulog at kumikidlat.*

⚠ ***BABALA:*** *Kahit na waterproof ang iyong headphones, huwag itong i-charge kapag basa ito. Maaaring magkasunog o makuryente kapag icha-charge ang basang headphones. Siguraduhing tuyo ang kable para sa pag-charge at ang headphones bago i-charge ang headphones.*

⚠ ***MAG-INGAT:*** *Gamitin lamang ang ibinigay na charging cable kapag icha-charge ang iyong Suunto Sonic.*

⚠ ***MAG-INGAT:*** *Huwag pahiran ng anumang uri ng solvent ang produkto dahil maaari nitong mapinsala ang surface ng produkto.*

⚠ ***MAG-INGAT:*** *Huwag pahiran ng insect repellent ang produkto dahil maaari nitong mapinsala ang surface ng produkto.*

⚠ ***MAG-INGAT:*** *Huwag ihampas o ibagsak ang produkto dahil maaari itong masira.*

***PAALALA:*** *Huwag basta itapon kung saan-saan ang produkto, at sa halip ay ituring itong elektronikong basura para hindi ito makasira sa kapaligiran.*

***PAALALA:*** *Palaging sumunod sa mga lokal na batas at regulasyon kapag ginagamit ang produkto sa labas at kasama ang mga tao.*

***PAALALA:*** *Siguraduhing lubos mong nauunawaan kung paano gamitin ang iyong headphones at kung ano ang mga limitasyon nito sa pamamagitan ng pagbabasa ng lahat ng naka-print na dokumentasyon at ng online na manwal sa paggamit. Palaging tandaang pananagutan mo ang iyong sariling kaligtasan.*

# 3. Pagsisimula

## 3.1. Mga button

May tatlong button ang Suunto Sonic na magagamit mo sa paglipat ng kanta, pag-adjust ng volume, at pagsagot o pagtapos ng mga tawag sa telepono.




1. multifunction button
2. [+] at power button
3. [–] button

### Pag-on/pag-off sa device

- i-long-press ang [+] button nang 3 segundo para i-on o i-off ang device

### Pakikinig ng audio

- pindutin ang multifunction button nang isang beses upang simulan o ihinto ang pag-play ng audio
- pindutin ang multifunction button nang dalawang beses upang laktawan ang susunod na track
- pindutin ang multifunction button nang tatlong beses para bumalik sa naunang track
- pindutin ang [+] button para lakasan ang volume
- pindutin ang [–] button para hinaan ang volume
- i-long-press ng sabay ang multifunction button at [+] button nang 3 segundo para lumipat sa sound mode

### Pagtawag sa phone

- pindutin ang multifunction button nang isang beses para sagutin o tapusin ang tawag
- pindutin ang [+] button para lakasan ang volume
- pindutin ang [–] button para hinaan ang volume

## Pag-adjust ng mga setting kapag naka-on ang device

- i-long-press ng sabay ang [+] at [–] button nang 3 segundo para makapasok sa pairing mode
- sa pairing mode, i-long-press ng sabay ang multifunction button at [+] button nang 3 segundo para i-enable ang koneksyon ng dalawang device

# 3.2. Mikropono

Ang iyong Suunto Sonic ay mayroong dual na mikropono at clear voice call (cVc) na teknolohiya sa pagbabawas ng ingay. Ginagarantiyahan ng mga feature na ito ang magandang kalidad ng boses ng iyong mga tawag kahit na sa maingay na mga kondisyon.

Mahahanap mo ang mga mikropono sa kanang bahagi ng headphones:




1. dual na mikropono

⚠ ***MAG-INGAT:*** *Huwag direktang basain ng tubig o ng madaling sumingaw na mga likido ang mga butas ng mikropono dahil maaaring maapektuhan ng mga ito ang maayos na paggana ng mikropono.*

# 3.3. Bluetooth connectivity

Nakikipag-ugnayan ang iyong Suunto Sonic headphones sa mga compatible na device gamit ang Bluetooth. Maaari mong i-pair ang produkto sa anumang Bluetooth device na may kakayahang mag-play ng audio, gaya ng mga mobile phone, smart watch, tablet, atbp. Para sa impormasyon kung paano i-pair ang headphones sa isang compatible na device, tingnan ang *3.4. Pag-pair*.

Maaari mong sabay na ikonekta sa dalawang Bluetooth device ang iyong headphones. Tingnan ang *4.3. Koneksyon ng dalawang device*.

Kung gusto mong idiskonekta ang headphones at ang compatible na device, magagawa mo ito sa mga setting ng Bluetooth ng naka-pair na device. Mayroon kang dalawang pagpipilian. Upang mapanatili ang headphones sa listahan ng Bluetooth ng naka-pair na device at matiyak ang mabilis na muling pagkonekta, idiskonekta lang ang mga device. Kung gusto

mong tuluyan nang alisin ang headphones mula sa listahan ng Bluetooth ng naka-pair na device, i-delete ang headphones mula sa listahan ng mga koneksyon sa Bluetooth. Sa kalagayang ito, kung gusto mong muling gamitin ang headphones at ang Bluetooth device, kailangan mong muling mag-pair mula sa simula.

***PAALALA:*** *Kung lalayo ka nang higit sa 3 minuto mula sa nasasaklawan ng koneksyon ng Bluetooth habang suot ang Suunto Sonic, madidiskonekta ang headphones at ang naka-pair na device.*

Kapag nawala ang koneksyon ng Bluetooth ng headphones at ng compatible na device, awtomatikong pumapasok sa standby mode ang Suunto Sonic para makatipid ng baterya. Kapag nasa standby mode ang headphones, pindutin ang anumang button upang kaagad na muling kumonekta sa Bluetooth device.

## 3.4. Pag-pair

Bago mo magamit ang iyong Suunto Sonic sa unang pagkakataon, kailangan mo itong i-pair sa isang compatible na device.

**Kung hindi naka-on ang Suunto Sonic:**

1. Pindutin nang matagal ang [+] button. Pagkatapos ng 3 segundo, mag-o-on ang Suunto Sonic. Huwag bitawan ang button.
2. Pindutin ang [+] button nang 2 segundo pa para maging pairing mode. Kapag ang LED na ilaw ay salit-salit na kumikislap ng pula at puti, ang produkto ay handa na para i-pair.
3. Tiyaking naka-enable ang Bluetooth sa device na gusto mong i-pair sa iyong Suunto Sonic.
4. Sa mga setting ng Bluetooth ng compatible na device, buksan ang listahan ng mga kalapit na device.
5. Hanapin ang Suunto Sonic sa listahan at i-pair ang headphones sa device.

Kapag matagumpay ang pag-pair, magpe-play ng tunog ang mga headphone at mag-iilaw ang puting LED sa loob ng 1 segundo bago ito mag-off.

**Kung naka-on na ang Suunto Sonic:**

1. Sabay na pindutin ang [+] at [–] button nang 3 segundo para makapasok sa pairing mode. Kapag ang LED na ilaw ay salit-salit na kumikislap ng pula at puti, ang produkto ay handa na para i-pair.
2. Tiyaking naka-enable ang Bluetooth sa device na gusto mong i-pair sa iyong Suunto Sonic.
3. Sa mga setting ng Bluetooth ng compatible na device, buksan ang listahan ng mga kalapit na device.
4. Hanapin ang Suunto Sonic sa listahan at i-pair ang headphones sa device.

Kapag matagumpay ang pag-pair, magpe-play ng tunog ang mga headphone at mag-iilaw ang puting LED sa loob ng 1 segundo bago ito mag-off.

## 3.5. Suunto app

Gamit ang Suunto app sa iyong phone, mas lalawak ang karanasan mo sa paggamit ng Suunto Sonic. I-pair ang iyong headphones sa mobile app para i-adjust ang sound mode, koneksyon at iba pa.

Para i-adjust ang settings ng headphones sa Suunto app:

1. I-pair ang Suunto Sonic sa compatible na mobile device gamit ang Bluetooth. Tingnan ang *3.4. Pag-pair*.
2. I-download at i-install ang Suunto app sa compatible mong mobile device mula sa App Store, Google Play o ibang kilalang app store sa China.
3. Buksan ang Suunto app sa iyong phone.
4. Awtomatikong kokonekta ang app sa iyong headphones.
5. Pumunta sa iyong profile sa Suunto app at buksan ang menu ng headphones para i-adjust ang settings ng produkto.

## 3.6. Pagsusuot ng headphones

Ang headphones ng Suunto Sonic ay umaakma sa buto na may open-ear na istilo, para makakarinig ka pa rin ng audio at naririnig rin ang iyong paligid habang nag-eehersisyo.

Para sa tamang karanasan, ilagay ang headphones sa likod ng iyong ulo, na nasa iyong tainga ang mga kawit para lubusang nalalapat sa harap ng iyong tainga ang mga transducer. Panatilihing parallel sa lupa ang likod ng headphone.



Ikaw man ay nasa gym o naglalakad sa lubak-lubak na daan, hindi malalaglag mula sa iyong ulo ang headphones. Dahil sa magaan at open-ear na istilo nito, komportableng gamitin ang headphones sa loob ng ilang oras. Maaari mong suotin ang Suunto Sonic kahit na may suot kang helmet ng bisikleta o sumbrero at kahit sa ilalim ng beanie.

# 4. Mga Feature

## 4.1. Sound mode

Maaari kang pumili mula sa iba't ibang sound mode kapag suot ang iyong headphones. Nag-aalok ang iyong Suunto Sonic ng normal na sound mode para sa pang-araw-araw na paggamit at magagaan na ehersisyo at iba pang sound mode para sa pag-eehersisyo sa labas at maiingay na kalagayan. Sa sound mode para sa labas, mas malakas ang volume. Piliin ang mode na nagbibigay ng pinakamagandang karanasan sa iyong partikular na sitwasyon.

***PAALALA:*** *Maaaring malalakas ang volume ng ingay.*

Habang nakikinig ng audio, maaari mong palitan ang sound mode sa pamamagitan ng sabay na pagpindot sa multifunction button at sa [+] button sa loob ng 3 segundo. Kung naka-install sa iyong telepono ang Suunto app, maaari mo ring baguhin ang sound mode sa app.

***BABALA:*** *Maaaring humantong sa pagkasira ng pandinig at distorsyon ng tunog ang matagal na paggamit ng headphones na nasa mataas na antas ang volume.*

***BABALA:*** *Maaaring makaapekto ang pagsusuot ng headphones sa iyong kakayahang marinig ang iyong paligid. Responsableng gamitin ang iyong headphones at unahin ang kaligtasan.*

## 4.2. Voice feedback

Kung mayroon kang relo ng Suunto na kayang magbigay ng voice feedback, makakatanggap ka ng voice feedback na may mahalagang impormasyon habang nag-eehersisyo ka. Makakatulong sa iyo ang feedback na subaybayan ang iyong progreso at bibigyan ka nito ng mga kapaki-pakinabang na indicator, ayon sa pinili mong mga opsyon para sa feedback. Ang voice feedback ay nagmumula sa iyong telepono kaya dapat i-pair ang iyong relo at headphones sa Suunto app.

Para i-activate ang voice feedback sa iyong relo bago mag-ehersisyo:

1. Bago simulan ang ehersisyo, mag-scroll pababa at piliin ang **Voice feedback**.
2. I-on ang toggle ng **Voice feedback from app**.
3. Mag-scroll pababa at piliin kung aling voice feedback ang gusto mong i-activate sa pamamagitan ng pag-on/pag-off sa mga toggle.
4. Tiyaking naka-on ang headphones at naka-pair na sa Suunto app.
5. Bumalik at simulan ang iyong ehersisyo tulad ng iyong nakagawian.

Bibigyan ka ngayon ng iyong telepono ng iba't ibang voice feedback habang nag-eehersisyo, depende sa kung aling voice feedback ang na-activate mo.

Para i-activate ang voice feedback sa iyong relo habang nag-eehersisyo:

1. Pindutin ang itaas na button para i-pause ang ehersisyo.
2. Piliin ang **Options**.
3. Mag-scroll pababa at piliin ang **Voice feedback**.
4. I-on ang toggle ng **Voice feedback from app**.

5. Mag-scroll pababa at piliin kung aling voice feedback ang gusto mong i-activate sa pamamagitan ng pag-on/pag-off sa mga toggle.
6. Tiyaking naka-on ang headphones at naka-pair na sa Suunto app.
7. Bumalik at ipagpatuloy ang iyong ehersisyo.

## 4.3. Koneksyon ng dalawang device

Maaari mong sabay na ikonekta ang iyong Suunto Sonic sa dalawang Bluetooth device. Sa tulong ng function na koneksyon ng dalawang device, madali kang makakalipat sa iyong phone at makakasagot ng tawag habang nakikinig ng musika sa iyong computer.

Sundin ang mga hakbang na ito upang i-pair ang iyong headphones sa dalawang device:

**Kapag naka-off ang headphones:**

1. Pindutin ang [+] button nang 5 segundo para i-on ang headphones at makapasok sa pairing mode.
2. Habang ang LED na ilaw ay salit-salit na kumikislap na pula at puti, i-long-press nang sabay ang multifunction na button at [+] button nang 3 segundo para i-enable ang koneksyon ng dalawang device. Tutunog ang headphones kapag na-enable na ang function.
3. Sa mga setting ng Bluetooth ng unang compatible na device, buksan ang listahan ng mga kalapit na device.
4. Hanapin ang Suunto Sonic sa listahan at i-pair ang headphones sa unang device.
5. Sabay na pindutin ang [+] at [–] button nang 3 segundo para makapasok muli sa pairing mode.
6. Sa mga setting ng Bluetooth ng ikalawang compatible na device, buksan ang listahan ng mga kalapit na device.
7. Hanapin ang Suunto Sonic sa listahan at i-pair ang headphones sa ikalawang device.
8. Kapag ikinonekta mo ang ikalawang device, pansamantalang madidiskonekta ang unang device sa headphones. Para ikonektang muli ang unang device, pumunta sa mga setting ng Bluetooth ng device o i-restart lamang ang headphones.

**Kapag naka-on na ang headphones at naka-pair na sa isang device:**

1. Sabay na pindutin ang [+] at [–] button nang 3 segundo para makapasok sa pairing mode.
2. Habang ang LED na ilaw ay salit-salit na kumikislap na pula at puti, i-long-press nang sabay ang multifunction na button at [+] button nang 3 segundo para i-enable ang koneksyon ng dalawang device. Tutunog ang headphones kapag na-enable na ang function.
3. Sa mga setting ng Bluetooth ng ikalawang compatible na device, buksan ang listahan ng mga kalapit na device.
4. Hanapin ang Suunto Sonic sa listahan at i-pair ang headphones sa ikalawang device.
5. Kapag ikinonekta mo ang ikalawang device, pansamantalang madidiskonekta ang unang device sa headphones. Para ikonektang muli ang unang device, pumunta sa mga setting ng Bluetooth ng device o i-restart lamang ang headphones.

**Kapag naka-on na ang headphones at naka-pair na sa Suunto app:**

1. I-enable ang koneksyon ng dalawang device sa Suunto app.
2. Sabay na pindutin ang [+] at [–] button nang 3 segundo para makapasok sa pairing mode.

3. Sa mga setting ng Bluetooth ng ikalawang compatible na device, buksan ang listahan ng mga kalapit na device.
4. Hanapin ang Suunto Sonic sa listahan at i-pair ang headphones sa ikalawang device.
5. Kapag ikinonekta mo ang ikalawang device, pansamantalang madidiskonekta ang unang device sa headphones. Para ikonektang muli ang unang device, pumunta sa mga setting ng Bluetooth ng device o i-restart lamang ang headphones.

Maaari mong tingnan ang listahan ng mga konektadong device sa Suunto app.

***PAALALA:*** *Kapag ginagamit mo ang Suunto Sonic nang may dalawang naka-pair na device nang sabay, tinutukoy ng headphones ang priyoridad ng mga ito batay sa pagkakasunod-sunod ng pine-play na content at mga task. Karaniwang nauuna ang unang na-play na audio kaysa sa ikalawa, at ginagawang priyoridad ang mga tawag sa telepono kaysa sa audio playback. Gayunpaman, maaaring magkaiba ang aktwal na operasyon ng magkakaibang brand at modelo ng mga compatible na device.*

## 4.4. Low latency mode

Binabawasan ng low latency mode ang pagkaantala ng tunog kapag nakikinig ka ng audio o nanonood ng video habang suot ang Suunto Sonic.

***PAALALA:*** *Para magamit ang low latency mode, kailangang suportahan ng compatible na device ang audio ng APTX Adaptive Bluetooth. Pagkatapos i-pair ang headphones sa compatible na device, gawing APTX Adaptive ang audio format sa page ng mga setting ng Bluetooth ng naka-pair na device. Sa ilang device, kailangan mong hiwalay na i-on ang low latency mode.*

***PAALALA:*** *Maaaring mag-iba ang epekto ng low latency depende sa mga salik gaya ng modelo at bersyon ng system ng compatible na device, app na ginagamit mo sa pag-play ng audio at uri ng playback content.*

# 5. Mga Setting

## 5.1. Impormasyon ng aparato

Maaari mong tingnan ang impormasyon ng device, halimbawa, ang bersyon ng software ng iyong headphones sa Suunto app.

## 5.2. Mga update sa software

Nagdaragdag ang mga update sa software ng mahahalagang pagpapahusay sa iyong headphones. Sa pag-update sa software, dapat nakakonekta ang headphones sa Suunto app. Kinakailangan ang koneksyon sa Internet para sa pag-download ng package ng update. Sa pag-install ng package ng update, dapat na hindi bababa sa 20% ang antas ng baterya ng headphones.

Kapag may available na update, bibigyan ka ng popup window ng opsyon sa pag-update pagkatapos buksan ang Suunto app. Panatilihing nakakonekta ang headphones sa iyong mobile phone habang nag-a-update. Pagkatapos ng update, magre-restart ang headphones.

Maaari mong tingnan ang bersyon ng software ng iyong headphones sa settings ng device sa Suunto app.

## 5.3. Pag-reset sa headphones

Kung sakaling gusto mong burahin ang lahat ng iyong setting mula sa Suunto Sonic, maaari mong i-reset ang produkto. Habang naka-charge ang Suunto Sonic, i-long-press ang multifunction button nang 5 segundo. Kapag ang LED na ilaw ay salit-salit na kumukurap na pula at puti nang isang beses at tumunog ang mga headphone, matagumpay ang pag-reset.

***PAALALA:*** *Pagkatapos ng pag-reset, nabura na mula sa headphones ang mga rekord ng pag-pair ng Bluetooth. Kung gusto mong muling gamitin ang headphones, kailangan mong muling mag-pair mula sa simula. Tingnan ang 3.4. Pag-pair.*

# 6. Pag-iingat at suporta

## 6.1. Mga gabay sa paggamit

Ingatan ang unit, huwag ito ibangga o ibagsak. Huwag ilagay ang headphones na napapatungan ng mabibigat na gamit dahil baka masira ito.

Kapag marumi ang produkto, punasan ito gamit ang isang malambot at tuyong tela. Bigyang-pansin ang mga mikropono, pindutan, at pin ng charger.

Sa karaniwang mga sitwasyon, hindi nangangailangan ng servicing ang headphones.

Gamitin lamang ang mga orihinal na accessory na Suunto. Hindi sakop ng warranty ang pinsalang dulot ng mga hindi orihinal na accessory.

## 6.2. Baterya at pag-charge

Ang tagal ng baterya sa isang pag-charge ay depende sa kung paano mo ginagamit ang headphones at sa kung anong mga kondisyon. Ang mabababang temperatura, halimbawa, ay nakakabawas sa itatagal ng isang pag-charge. Sa pangkalahatan, ang kakayahan ng mga rechargeable battery ay bumababa habang tumatagal.

Napupuno ang baterya ng headphones sa loob ng isang oras na pagcha-charge, at maaari kang makinig ng hanggang sa 10 oras na musika sa isang pag-charge.

Kapag ang level ng baterya ay mas mababa sa 5%, ang mga headphone ay nagpe-play ng mahinang tono ng alarma ng baterya bawat 5 minuto, at ang pulang LED na ilaw ay kumikislap.

Upang malaman ang level ng baterya ng iyong headphones, ikonekta ang produkto sa Suunto app. Makikita mo ang level ng baterya sa page ng headphones sa app.

Para i-charge ng iyong headphones, gamitin ang ibinigay na USB cable.

## USB cable

Kasama sa package ng produkto ang USB charging cable. Para i-charge ang headphones gamit ang cable, ikonekta ang magnetic na dulo ng cable sa charging port ng headphones. Kung naka-on ang headphones, awtomatiko itong mamamatay kapag nagsimula ang pag-charge. Habang nagcha-charge ang headphones, naka-on ang pulang LED light. Kapag puno na ang baterya, ang LED na ilaw ay nagiging puti sa loob ng isang minuto, pagkatapos ay mamamatay ito.



## 6.3. Pagtatapon

Mangyaring itapon ang aparato sa naaangkop na paraan, na itinuturing ito bilang basurang elektroniko. Huwag itong ihahagis sa basurahan. Kung gusto mo, maaari mong ibalik ang device sa dealer ng Suunto na pinakamalapit sa iyo.



# 7. Reperensya

## 7.1. Pagsunod

Para sa impormasyong nauugnay sa pagsunod at detalyadong teknikal na impormasyon, tingnan ang “Impormasyon sa Kaligtasan ng Produkto at sa Regulasyon” na ipinadala kasama ng iyong Suunto Sonic o na available sa *www.suunto.com/userguides*.

## 7.2. CE

Sa pamamagitan nito, ipinapahayag ni Suunto Sports Technology (Dongguan) Co., Ltd. na ang kagamitan sa radyo na HS232 ay sumusunod sa Direktiba 2014/53/EU. Ang buong pagpapahayag ng pagsunod sa EU ay available sa sumusunod na internet address: *www.suunto.com/EUconformity*.

# SUUNTO CUSTOMER SUPPORT

**www.suunto.com/support**
**www.suunto.com/register**

**Manufacturer:**
Suunto Oy
Tammiston Kauppatie 7 A,
FI-01510 Vantaa FINLAND

© Suunto Oy 01/2024
Suunto is a registered trademark of Suunto Oy. All Rights reserved.